


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 30: Mapanagutan Ka Ba?



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 30: Mapanagutan Ka Ba?
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|----------------------|---|
| Manunulat: | Rashiel Joy F. Lepaopao, Judith E. Ecoben |
| Editor: | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| Tagasuri: | Ponciano Alngog, Jezzine F. Salar, John Rey C. Clarion, Megie M. Lillo |
| Tagaguhit: | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat |
| Tagalapat: | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Pepe M. Tabanao Jr. |
| Tagapamahala: | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Lope C. Papeleras Michael C. Paso, Juan Jr. L. Espina |

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 30:
Mapanagutan Ka Ba?**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ikaw ba ay may *social media account*? Sa isang *millennial* na batang kagaya mo, tiyak ang sagot mo ay Opo. Batid ko rin na mayroon kang gustong *i-follow* sa iyong mga *accounts*. Maaaring karakter, artista o kaya'y mga taong may naging malaking ambag sa ating lipunang ginagalawan. Maari din naman na ikaw ang sinusubaybayan ng mga *followers* mo sa iba't ibang *social media site* o kaya'y maging sa inyong komunidad dahil sa iyong mga natatanging nagampanang tungkulin o gawain.

Maraming dahilan kung bakit tayo humahanga o kaya'y nagiging tagasubaybay ng isang partikular na tao at ito ang pag-aaralan natin ngayon.

Pagkatapos ng modyul na ito ay magkakaroon tayo ng mas malinaw na gabay o batayan sa pagpili ng ating mga taong hahangaan o susubaybayan upang magkaroon ng mas magandang direksyon ang ating mga buhay.

Handa ka na bang pag-aralan ang modyul na ito? Isang maligayang pag-aaral sa inyo!

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

Nasusuri ang katangian ng mapanagutang lider at tagasunod na nakasama, naobserbahan o napanood. **(ESP8P-IIg-8.2)**



Subukin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o situwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng mapanagutang lider?
 - A. may malawak na karanasan
 - B. may sapat na tiwala sa sarili
 - C. may kakayahang tumingin sa sariling kapakanan
 - D. may kakayahang makakita, makakilala at makalutas ng suliranin

2. Alin sa pagpipilian ang naglalarawan sa pamumunong transpormasyonal?
 - A. Ang lider ay may kakayahang gawing kalakasan ang kahinaan.
 - B. Ang lider ay may mataas na antas ng pagkakilala sa sarili.
 - C. Ang estilo ng pamumuno ng lider ay nakabatay sa isang situwasyon.
 - D. Ang lider na nakakikita ng kahahantungan ng kaniyang pangarap para sa samahan.

3. Alin sa sumusunod na katangian ang naglalarawan sa isang lider batay kay Lewis?
 - A. isang mabuting halimbawa
 - B. may sapat na kaalaman at kasanayan
 - C. marunong tumanggap at gumanap ng mga gampanin o tungkulin
 - D. naglilingkod, nakikinig, nagtitiwala sa kakayanan ng iba, at nakikipag-ugnayan nang maayos sa kapwa

4. Paano mailalarawan ang mapanagutang pamumuno ng lider?
 - A. Karangalan ng pinamumunuan ang pagkamit sa layunin ng pangkat.
 - B. Ang pagkakaroon ng posisyon na magbibigay ng kapangyarihan upang mapakilos ang pinamumunuan.
 - C. Ang awtoridad na magtataguyod at magpapatupad sa mga gawain upang makamit ang layunin ng pangkat.
 - D. Ang Impluwensiya na magpakikilos sa mga pinamumunuan tungo sa pagkamit ng kanya-kanyang layunin.

5. Pinapairal ang tamang konsensiya na gagabay sa pagtupad ng mga gawain at pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa at namumuno, anong kakayahan ang taglay ng isang tagasunod, ayon sa pahayag?
 - A. Pakikipagkapwa
 - B. Mga pagpapahalaga
 - C. Kakayahan sa trabaho
 - D. Kakayahang mag-organisa

6. Kailan natin masasabing ang isang tagasunod o kasapi ng pangkat ay umaayon o nakikiisa sa mga gawain?
 - A. kung nagpapakita ng mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
 - B. kung nagpapakita ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
 - C. kung nagpapakita ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi
 - D. kung nagpapakita ng mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi

7. Nagbibigay inspirasyon at direksyon. May paunang plano tungkol sa hinaharap na maaaring kahihinatnan. Inaalam ang positibo at negatibong maaaring mangyari. Sa anong uri ng pamumuno napabilang ang lider na ito?
 - A. diktador
 - B. adaptibo
 - C. inspirasyonl
 - D. transpormasyonal

8. Anong uri ng pamumuno napabilang ang lider na may kakayahang baguhin ang naunang estilo ng pamumuno at naghahangad ng pagbabago?
 - A. adaptibo
 - B. diktador
 - C. inspirasyonal
 - D. transpormasyonal

9. Si Ben ay *manager* ng isang kompanya. Araw-araw sa kanyang pagpasok ay binabati niya ang bawat pangalan ng mga empleyado at alam niya kung saan at ano ang kanilang partikular na trabaho sa kompanya. Anong prinsipyo ng mapanagutang lider ang naipapakita?
 - A. isang huwarang lider
 - B. lider na may sapat na kaalaman
 - C. pagkilala ng lubos sa mga kasapi
 - D. pagsasanay sa mga kasapi na matuto sa paggawa

10. Si Jacob ay isang manggagawa na may sapat na kaalaman, may pokus at pagpapahalaga sa kanyang trabaho. Anong katangian ng tagasunod ang ipinapakita sa situwasyon?
- kakayahan sa sarili
 - kakayahan sa trabaho
 - kakayahan na mag-organisa
 - kakayahan sa pagpapahalaga
11. Ibinabahagi ni Jean ang kaalamang natutunan sa mga *seminar* sa kanyang mga empleyado upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa larangan ng trabaho. Anong prinsipyo ang ipinapakita ni Jean bilang mapanagutang lider?
- pagtanggap sa mga tungkulin
 - pagiging huwaran sa ibang tao
 - malinaw sa pagpapahayag ng plano
 - pagbabahagi ng nararapat na impormasyon sa kasapi
12. Si Oscar ay palakaibigan dahil kilala niya at kilala siya ng kapwa kasapi sa organisasyon. Madaling kausap kung kaya maraming kapalagayan ng loob. Anong kakayahan ang taglay ni Oscar bilang tagasunod?
- kakayahan sa sarili
 - kakayahan sa trabaho
 - kakayahan na mag-organisa
 - kakayahan sa pagpapahalaga
13. Hinahangaan ng mga mag-aaral si Jason bilang SSG *President* dahil sa kanyang mga programa para sa kapwa mag-aaral tulad ng pagbibigay ng *tutorial* sa mga mag-aaral na nangangailangan. Anong pamumuno ang ipinapakita ng lider?
- adaptibo
 - kognitibo
 - inspirasyunal
 - transpormasyunal
14. Anong situwasyon sa pagpipilian ang nagpapakita ng lider sa pamumunong transpormasyunal?
- Kilala si Ana sa kanyang mga kawang-gawa kung kaya inspirasyon siya ng mga kabataang babae.
 - Modelong Ama si Ruben sa kanilang tahanan kung saan saludo ang kanyang pamilya sa kanya.
 - Si Ben ay may malasakit sa kanyang kapwa at sinasakupan. Pinapakinggan niya ang mga hinaing at ideya ng mga kasapi.
 - Binago ni Ruth ang pag-iisip ng mga babae sa kanilang lugar kung saan ipinaglaban niya ang karapatan at nagbukas ng oportunidad sa mga kababaihan.

15. Si Cassey ay isa sa mga sikat na sinusubaybayan sa *social media* dahil sa kanyang makabuluhang tiktok tungkol sa relasyon sa kanyang pamilya at magandang pananaw sa buhay. Anong katangian ang taglay ni Cassey bilang *influencer*?
- A. hindi huminto sa pag-aaral
 - B. mapanagutan sa mga desisyon
 - C. may positibong pananaw sa buhay
 - D. pagpaunlad ng kaalaman

Aralin

1


Katangian ng Lider at Tagasunod



Balikan

Gawain 1. Sampung mga Daliri!

Panuto: Iguhit ang sariling kamay (kanan at kaliwa). Isulat sa *hand graphic organizer* ang kahalagahan ng isang lider at tagasunod sa pag-unlad ng isang komunidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.






Tuklasin



Gawain 1. Suri-Komiks!

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na senaryo sa komiks at pagnilayan ang mga gabay na tanong.



Scenario: Pagsasagawa ng pangkatang-gawain sa klase ni Gng. Ramos sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao baitang 8.



Iginuhit ni: Jubell C. Cababat
(habang nagsasagawa ng pangkatang-gawain ang ikalawang pangkat)



Iginuhit ni: Jubell C. Cababat




Gabay na Tanong:

Panuto: Isulat ang mga sagot sa kwaderno.

1. Batay sa usapan, anong katangian ang taglay ng lider sa kanilang pangkat?
2. Paano ilalarawan ang katangian ng mga kasapi ng pangkat?

Naranasan mo na rin bang maging isang lider o kasapi ng pangkatang-gawain? Isalaysay ang iyong naging karanasan sa pakikitungo sa iyong lider o sa kapwa mo kasapi.



Suriin

Sa Gawain 1 ay nasubukan mo ang sarili sa pagtukoy at paglalarawan sa katangian ng isang lider at tagasunod. Nababalikan mo rin ang iyong karanasan bilang lider o kasapi sa pangkat. Kung aalamin natin lahat ay may kanya-kanyang kuwento tungkol sa mga pangkatang-gawain. Wika nga ninyong mga *millenials* #relatemuch! Maaaring masaya o malungkot ang karanasan. Tama ba?

Masaya ang karanasan sa mga pangkatang gawain kung napabilang sa pangkat na responsable ang lider, matutulungin at nakikinig naman ang mga kasapi ng pangkat. Malungkot naman kung napabilang ka sa mga grupong nangangailangan pa ng gabay sa pamumuno ng pangkat o kaya naman ay hindi nakikinig na mga kasapi.

Kung pagbabatayan ang komiks na nabasa sa bahaging **Tuklasin**, masasabi na may angking kakayahan sa pamumuno ng kanilang pangkat ang lider batay sa ipinakitang kilos. Taglay nito ang katangiang may pagtitiwala sa kakayahan ng kanyang mga kasapi at pagbibigay ng laya sa mga ito na pumili ng gawain batay sa kanilang kakayahan. Dahil sa mga katangiang ito, mas nagkaroon ng kompyansa ang mga kasapi na mas nagpaganda at nagpabilis na matapos ang pangkatang-gawain.

Ipinakita lamang na mahalaga talaga ang papel na ginagampanan ng isang lider at tagasunod hindi lamang sa isang simpleng pangkatang-gawain sa loob ng klasrum. Masasalamon din ito sa pamilya kung saan ang ama ang tumatayong haligi ng tahanan habang ang ina naman ang nagsisilbing ilaw na gagabay sa mga anak. Isipin mo na lang, anong mangyayari sa isang bansang hindi magkaisa ang gobyerno at mamamayan? Tiyak, malaking gulo at walang pagkakaisa.

Ano nga ba ang katangiang dapat taglayin ng isang lider at tagasunod upang mapanatili ang isang matiwasay na ugnayan at koneksyon sa bawat isa?

Mga katangiang dapat taglayin ang isang lider (*Lewis,1998*) at prinsipyong pinanghahawakan (*The Royal Australian Navy; Leadership Ethics,2010*):

- nagsisilbing inspirasyon at modelo sa mga nasasakupan
- may positibong pananaw sa buhay
- may integridad, tumatayong boses ng organisasyon,
- bukas sa opinyon at nakikinig sa ideya nang nakararami,
- may malinaw na plano at mapanagutan sa mga desisyon sa kanyang sarili at sinasakupan,
- higit sa lahat isang mabuting tagasunod.

Ayon Kay John C. Maxwell, ang pamumuno o pagiging lider ay ang pagkakaroon ng impluwensiya. Kung iisipin, mabigat at malaki ang gampanin ng isang lider dahil sa kanya nakaatang ang mga kritikal na desisyon, pananagutan at pangunguna sa tiyak na aksyon sa isang situwasyon. Ngunit ang pagganap sa mga situwasyon ay maaaring magkaroon ng iba't ibang aksyon batay sa lider at istilo ng pamumuno na tinataglay (Dr. Eduardo Morado, 2007). Ang mga sumusunod:

Pamumunong Inspirasyonal. Nagiging inspirasyon sa iba ang lider na ito batay sa kanilang katangi-taging kilos at desisyon sa isang pangkat. Tinatawag din silang *servant leader*. Sila ang uri ng lider na nagbibigay direksyon at gabay sa mga nasasakupan. Halimbawa nito ay si Martin Luther King na kilala sa kanyang pagpupursigi na wakasan ang pagkahiwa-hiwalay at diskriminasyon sa iba't ibang lahi.

Pamumunong Transpormasyonal. Sa pamumunong ito, ang lider ay nagsisilbing *mentor* kung saan tinutulungan, tinuturuan at ginagabayan ang mga kasapi o sinasakupan. Nakatuon sa pagkakaroon ng pagbabago, madaling pagtuklas ng pagkakataon at nagtataglay ng kaisipang kritikal na kinakailangan sa paglutas ng isang suliranin o sitwasyon. Halimbawa ng pamumunong ito ay si Priyanka Chopra-Jonas, UNICEF *Ambassador* at isang *philanthropist* na kilala sa pagsulong ng pagbabago sa papel at mukha ng mga kababaihan lalo na sa mga bayan na sakop ng India at iba pang bansa sa mundo. Siya ang naging boses ng mga kababaihan sa pagpuksa ng karahasan at pagpapataas sa kalidad ng kababaihan at pasulong ng libreng edukasyon sa mga bata.

Pamumunong Adaptibo. Nagtataglay ang lider sa uring ito ng katangiang mataas na antas ng pagkilala at pagpapahalaga sa sarili, pakikibagay sa sitwasyon, personalidad at pakikipagkapuwa. Sa madaling sabi, mataas ang *Emotional Quotient* kung kaya madaling nakuha ang paggalang at pag-ingganyo ng tagasunod. Halimbawa nito ay ang pangulo ng United State of America na si Barack Obama.

Kung ang mga pagpapakahulugan at tuntunin sa pagiging lider ay nasunod ng isang namumuno, tiyak na magiging mataas ang pagtingin, hahangaan at magiging inspirasyon ito ng kanyang mga tagasunod o kasapi.

Maliban sa lider ay mayroong gampanin at pananagutan din ang isang tagasunod upang masiguro ang maluwalhating ugnayan ng bawat isa. Iminungkahi ang mga kasanayang dapat linangin ng isang ulirang tagasunod (Kelly, 1992):

a. Kakayahan sa trabaho (*job skills*)

Hindi lamang pagiging pokus sa trabaho, may pananagutan, pagpapaunlad sa sariling kakayahan sa paggawa ang binibigyang pansin sa kakayahang ito. Hinihimok din ang pagtulong sa kapwa tagasunod upang mas mapaangat ang kalidad ng trabaho ng kapwa ang dapat linangin ng isang tagasunod upang masabi na ito ay may kakayahan sa trabaho.


b. Kakayahang mag-organisa (*organizational skills*)

Kakikitaan ng kahusayan sa pakikipagsalamuha at pakikipag-ugnayan sa kanyang kapwa kasapi at lider. Mahusay bumuo ng koneksyon at relasyon sa ibang tao upang mapalago ang kinabibilangang organisasyon.

c. Mga pagpapahalaga (*Values component*)

Masasalamain sa kilos ng isang tagasunod ang kanyang prinsipyo at paninindigan bilang isang tao. Yayakapin nito ang mga pamantayan at mabuting gawi sa pagtupad ng mga gampanin bilang tagasunod na mas makapagpapatatag sa imahe ng organisasyong kinabibilangan. Sa madaling sabi, lilinangin ng isang tagasunod ang kabuuan ng kanyang pagkatao.

Kung iisipin, mahalagang magkaisa at taglayin ang kani-kanilang katangian upang maihanay at maging mapanagutan ang bawat lider at tagasunod. Sapagkat kahit taglay na ang mga katangiang ito, wala pa ring mangyayari at hindi uunlad ang isang grupo kung hindi matibay ang pundasyon ng isang samahan. Kinakailangan ipakita ng isang lider ang malasakit at matatag na sarili sa kanyang tagasunod habang ipapakita naman ng tagasunod ang matibay na suporta sa kanyang pinuno sa pamamagitan ng pananatiling matapat, mabuti at produktibong aksyon sa mga gawain upang umunlad ang isang samahan.



Pagyamanin

Gawain 3: Suri-Salita!

Panuto: Hanapin at suriin sa pinaghalong letra ang mga pitong (7) salitang/pariralang naglalarawan sa katangian ng isang lider at tagasunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | P | A | N | A | G | U | T | A | N | S | E | Q | M | A | N | S |
| I | B | O | S | S | T | A | O | B | S | A | V | M | C | K | L | A | M |
| T | O | S | A | R | A | H | I | W | N | G | A | A | R | A | G | N | E |
| A | G | I | R | E | M | A | Y | I | N | T | E | G | R | I | D | A | D |
| M | F | T | H | O | A | L | S | O | G | I | D | A | Y | O | E | K | O |
| D | H | I | L | A | B | A | E | K | A | T | E | L | I | D | B | I | S |
| M | A | B | U | T | I | W | A | L | L | I | T | I | K | A | J | K | Z |
| O | J | O | V | E | L | O | V | E | A | W | I | N | G | C | A | I | N |
| U | M | S | E | L | L | I | N | G | A | A | D | G | E | N | E | N | E |
| S | L | I | P | E | O | N | G | S | A | L | I | N | G | O | I | I | N |
| R | P | E | O | R | G | A | N | I | S | A | D | O | N | G | A | G | A |

Gawain 4. Suri-Katangian!

A. Panuto: Mula sa mga larawan na nasa Hanay A, hanapin ang tamang sagot sa Hanay B. Suriin kung anong katangian ng isang lider ang ipinapahiwatig sa mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A

B



A. naglilingkod na lider

B. lider na may positibong pananaw

C. lider na may integridad

D. lider na may tiwala sa kakayahan ng iba

E. lider na magaling magplano at magpasya

Iginuhit ni: Jubell C. Cababat at Alim V. Eviota

B. Panuto: Suriin kung anong katangian o kakayahan ng isang tagasunod ang ipinapahiwatig sa mga sitwasyon. Isulat ang (KT) kung kakayahan sa trabaho, (KM) kung Kakayahang mag-organisa at (KP) kung kakayahan sa pagpapahalaga. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Jose Delo ay magalang at may maayos na pakikisama sa kanyang kapwa at pinuno
2. Sinisikap ni Ben na makalikha ng bagong disenyo ng mga bulaklak gamit ang *youtube*
3. Isinasapuso ni Jebie ang prinsipyo ng asosasyon na maging tapat at mahusay
4. Bumuo si Kris ng *project proposal* na naglalaman ng kanyang ideya kung paano malulutas ang problemang kinakaharap ng pangkat bago ito inilahad sa mga kasamahan.
5. Tuwing nagpapabili ng pagkain ang isang pamilya ay ibinabalik ni Tony ang sukli sa kanyang amo o kakilala.

Gawain 5. Suri-Pamumuno!

Panuto: Basahin nang may pag-unawa ang mga sitwasyon. Ipaliwanag kung anong pamumuno ang **(Pamumunong Inspirasyonal, Pamumunong Transpormasyonal o Adaptibo)** ipinapahiwatig ng sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bilang Pangulo ng *Supreme Student Government* (SSG) ng kanilang paaralan, sinisiguro ni Joy na nagagampanan niya ng balanse ang kanyang tungkulin bilang boses ng mag-aaral at ang kanyang pagiging isang *working student*.

Sinisikap niyang matugunan ang hinaing ng mga mag-aaral tulad ng pananatili ng mga tutorial sa iba't ibang asignatura sa tulong ng iba pang opisyaes, pagsasagawa ng adbokasiya sa tamang pagtapon ng basura, pagwaksi sa *bullying* at maging isang huwarang mag-aaral sa pamamagitan ng pagiging *honor students* at palakaibigan sa kapwa mag-aaral. Dahil sa kanyang ipinakitang pag-uugali at kabutihan ay maraming mag-aaral ang tumutulong at nagboboluntaryong maging kasapi ng kanilang *tutorial class* at nagsasagawa ng mga hakbang sa loob ng klasrum na mapairal ang katiwasayan at pagkakaibigan.

1. Anong katangian ng lider ang ipinakita sa sitwasyon? Patunayan.

Nahalal na Alkalde sa bayan ng Sta. Isla si Hon. Juan De la Cruz. Kilala siya sa mga proyektong nagawa tulad ng pabahay sa mga mahihirap, iba't ibang programang pangkabuhayan, pagbibigay ng libheng edukasyon sa kolehiyo at pagpapatupad nang maayos sa mga batas sa kanilang lugar. Tinatawag din siyang “Ama ng Sta. Isla” dahil sa kanyang mga natatanging nagawa na nagpabago at nagpaunlad sa kanilang bayan.


2. Anong katangian ng lider ang ipinakita sa sitwasyon? Ipaliwanag.

Hinahangaan at sinusubaybayan si Chiska sa kanyang mga *social media account* lalong-lao na sa *Tiktok* at *Twitter* dahil sa mga nakahahangang post hinggil sa kanyang positibong pananaw sa buhay, magagandang komentaryo at payo sa kanyang mga *follower* sa *comment section*. Maliban dito, gumagawa siya ng mga vlog tungkol sa mga kaparaanan kung paano malalabanan ang depresyon, *bullying*, pag-iwas sa maling tao at pakikipagkaibigan. Kung kaya hindi kataka-takang malimit sa kanyang mga tagasunod ay mga kabataang maaring nakaranas o nakadama ng mga ganitong problema sa buhay. Madali niyang nakukuha ang loob ng isang *netizen* dahil sa kanyang mga post na kapupulutan ng aral.

3. Anong katangian ang ipinakita ng lider sa sitwasyon? Ipaliwanag.

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

| Pamantayan | Napakahusay (20 puntos) | Mahusay (15 puntos) | Katamtaman (10 puntos) | Kailangan pa ng kasanayan (5 puntos) |
|------------|---|--|--|--|
| Nilalaman | Malinaw na nailalahad ang pangangatwiran at nakapagbibigay ng mga suportang detalye at halimbawa. | Malinaw na nailalahad ang pangangatwiran at nakapagbibigay ng iilang suportang detalye at halimbawa. | Hindi masyadong malinaw na nailalahad ang pangangatwiran at nakapagbibigay ng iilang suportang detalye at halimbawa. | Hindi malinanw na nailalahad ang pangangatwiran at hindi nakapagbibigay ng mga suportang detalye at halimbawa. |



Isaisip

Gawain 6. Magpaliwanag Ka!


Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na nagpapaliwanag sa sumunod na pahayag.

“With Great Powers, Comes Great Responsibility.”

Uncle Ben, Spiderman Movie 2002

RUBRIKS SA PAGPAPALIWANAG

| Kriterya | Higit na Inaasahan (15) | Nakamit ang Inaasahan (12) | Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (9) | Hindi Nakamit ang Inaasahan (6) |
|----------------------------|---|--|---|--------------------------------------|
| Pagpapaliwanag sa Konsepto | Makabuluhan at mahusay ang pagpapaliwanag at pagtatalakay sa pahayag. | May sapat na detalye at pagpapaliwanag . | May kakulangan ang pagpapaliwanag. | Hindi naipapaliwanag ang pahayag. |
| Organisasyon ng mga ideya | Lohikal at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya. | Naipakita ang ideya ng pahayag bagaman hindi makinis ang pagkakalahad. | Hindi gaanong maayos ang pagkakalahad ng ideya. | Hindi organisado ang pagpapaliwanag. |
| Kabuuan: 30 puntos | | | | |



Isagawa

Gawain 7. Saksi Ako!

Panuto: Gamit ang iyong natutunang kaalaman sa modyul na ito, obserbahan ang mga tao sa inyong lipunan at suriin kung ang kanilang kilos ay naglalarawan sa katangian ng isang mapanagutang lider at tagasunod. Nasa pinakaunang bilang ng kahon ang halimbawa.

| Mapanagutang Lider at Tagasunod sa aming Lugar | | |
|--|--|--|
| Taong naobserbahan | Ipinamalas na Katangian ng isang mapanagutang Lider at tagasunod | Pagsalaysay sa sitwasyong nagpapakita ng katangian ng isang mapanagutang lider at tagasunod |
| 1. Kasapi sa Pamilya na sumusunod sa batas sa loob ng bahay | <i>Masunurin, isang maagandang ehemplo ng bawat kasapi ng pamilya.</i> | <i>Ang aking nakakatandang kapatid ay naghugas ng pinggan dahil siya ay naka-iskedyul na maghugas ng pinggan ngayon. Siya mismo ang gumawa ng iskedyul kaya nagaganahan kami na sumunod na rin sa kanya.</i> |
| 2. Mga Opisyales/ Nagtatrabaho sa inyong Barangay | | |
| 3. Iniidolo sa <i>Social Media</i> , Drama, atbp. | | |
| 4. Sumusubaybay o <i>Fans</i> ng isang sikat na artista, drama, <i>vlogger</i> atbp. | | |

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG SAGOT

| Pamantayan | Napakahusay (15 puntos) | Mahusay (12 puntos) | Katamtaman (9 puntos) | Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos) |
|------------|---|--|---|---|
| Nilalaman | Kompleto at angkop ang mga impormasyong isinulat. | Kompleto bagaman hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat. | Kulang at hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat. | Kulang at hindi angkop ang impormasyong isinulat. |



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ibinabahagi ni Jean ang kaalamang natutunan sa mga seminar sa kanyang mga empleyado upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa larangan ng trabaho. Anong prinsipyo ang ipinapakita ni Jean bilang mapanagutang lider?
 - A. pagtanggap sa mga tungkulin
 - B. pagiging huwaran sa ibang tao
 - C. malinaw sa pagpapahayag ng plano
 - D. pagbabahagi ng nararapat na impormasyon sa kasapi
2. Si Oscar ay palakaibigan dahil kilala niya at kilala siya ng kapwa kasapi sa organisasyon. Madaling kausap kung kaya maraming kapalagayan ng loob. Anong kakayahan ang taglay ni Oscar bilang tagasunod?
 - A. kakayahan sa sarili
 - B. kakayahan sa trabaho
 - C. kakayahan na mag-organisa
 - D. kakayahan sa pagpapahalaga
3. Hinahangaan ng mga mag-aaral si Jason bilang SSG *President* dahil sa kanyang mga programa para sa kapwa mag-aaral tulad ng pagbibigay ng *tutorial* sa mga mag-aaral na nangangailangan. Anong pamumuno ang ipinapakita ng lider?
 - A. Adaptibo
 - B. kognitibo
 - C. inspirasyunal
 - D. transpormasyonal
4. Anong sitwasyon sa pagpipilian ang nagpapakita ng lider sa pamumunong transpormasyunal?
 - A. Kilala si Ana sa kanyang mga kawang-gawa kung kaya inspirasyon siya ng mga kabataang babae.
 - B. Modelong Ama si Ruben sa kanilang tahanan kung saan saludo ang kanyang pamilya sa kanya.
 - C. Si Ben ay may malasakit sa kanyang kapwa at sinasakupan. Pinapakinggan niya ang mga hinaing at ideya ng mga kasapi.
 - D. Binago ni Ruth ang pag-iisip ng mga babae sa kanilang lugar kung saan ipinaglaban niya ang karapatan at nagbukas ng oportunidad sa mga kababaihan.

5. Si Cassey ay isa sa mga sikat na sinusubaybayan sa *social media* dahil sa kanyang makabuluhang *tiktok* tungkol sa relasyon sa kanyang pamilya at magandang pananaw sa buhay. Anong katangian ang taglay ni Cassey bilang *influencer*?
 - A. hindi huminto sa pag-aaral
 - B. mapanagutan sa mga desisyon
 - C. may positibong pananaw sa buhay
 - D. pagpaunlad ng kaalaman

6. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng mapanagutang lider?
 - A. may malawak na karanasan
 - B. may sapat na tiwala sa sarili
 - C. may kakayahang tumingin sa sariling kapakanan
 - D. may kakayahang makakita, makakilala at makalutas ng suliranin


7. Alin sa pagpipilian ang naglalarawan sa pamumunong transpormasyonal?
 - A. Ang lider ay may kakayahang gawing kalakasan ang kahinaan.
 - B. Ang lider ay may mataas na antas ng pagkakilala sa sarili.
 - C. Ang estilo ng pamumuno ng lider ay nakabatay sa isang sitwasyon.
 - D. Ang lider na nakakikita ng kahahantungan ng kaniyang pangarap para sa samahan.

8. Alin sa sumusunod na katangian ang naglalarawan sa isang lider batay kay Lewis?
 - A. isang mabuting halimbawa
 - B. may sapat na kaalaman at kasanayan
 - C. marunong tumanggap at gumanap ng mga gampanin o tungkulin
 - D. naglilingkod, nakikinig, nagtitiwala sa kakayanan ng iba, at nakikipag-ugnayan nang maayos sa kapwa

9. Paano mailalarawan ang mapanagutang pamumuno ng lider?
 - A. Karangalan ng pinamumunuan ang pagkamit sa layunin ng pangkat.
 - B. Ang pagkakaroon ng posisyon na magbibigay ng kapangyarihan upang mapakilos ang pinamumunuan.
 - C. Ang awtoridad na magtataguyod at magpapatupad sa mga gawain upang makamit ang layunin ng pangkat.
 - D. Ang Impluwensiya na magpakikilos sa mga pinamumunuan tungo sa pagkamit ng kanya-kanyang layunin.

10. Pinapairal ang tamang konsensiya na gagabay sa pagtupad ng mga gawain at pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa at namumuno, anong kakayahan ang taglay ng isang tagasunod?
- Pakikipagkapwa
 - Mga pagpapahalaga
 - Kakayahan sa trabaho
 - Kakayahang mag-organisa
11. Kailan natin masasabing ang isang tagasunod o kasapi ng pangkat ay umaayon o nakikiisa sa mga gawain?
- kung nagpapakita ng mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
 - kung nagpapakita ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
 - kung nagpapakita ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi
 - kung nagpapakita ng mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi
12. Nagbibigay inspirasyon at direksyon. May paunang plano tungkol sa hinaharap na maaaring kahihinatnan. Inaalam ang positibo at negatibong maaaring mangyari. Sa anong uri ng pamumuno napabilang ang lider na ito?
- diktador
 - adaptibo
 - inspirasyonl
 - transpormasyonal
13. Anong uri ng pamumuno napabilang ang lider na may kakayahang baguhin ang naunang estilo ng pamumuno at naghahangad ng pagbabago?
- adaptibo
 - diktador
 - inspirasyonal
 - transpormasyonal
14. Si Ben ay *manager* ng isang kompanya. Araw-araw sa kanyang pagpasok ay binabati niya ang bawat pangalan ng mga empleyado at alam niya kung saan at ano ang kanilang partikular na trabaho sa kompanya. Anong prinsipyo ng mapanagutang lider ang naipapakita?
- isang huwarang lider
 - lider na may sapat na kaalaman
 - pagkilala ng lubos sa mga kasapi
 - pagsasanay sa mga kasapi na matuto sa paggawa

15. Si Jacob ay isang manggagawa na may sapat na kaalaman, may pokus at pagpapahalaga sa kanyang trabaho. Anong katangian ng tagasunod ang ipinapakita sa sitwasyon?
- A. kakayahan sa sarili
 - B. kakayahan sa trabaho
 - C. kakayahan na mag-organisa
 - D. kakayahan sa pagpapahalaga



Karagdagang Gawain

Gawain: Sila ang Salamin Ko!

Panuto: Pumili ng isang kilalang tao sa pagpipilian. Sagutin ang gabay sa pagsasaliksik at bumuo ng isang sanaysay batay sa nasaliksik na impormasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


- A. Mother Theresa
- B. Steve Jobs
- C. Mahatma Ghandi
- D. Bill Gates

Gabay sa pagsasaliksik.

1. Kailan at saan siya ipinanganak?
2. Saan nakapag-aral at sa anong larangan nakilala?
3. Ano ang kanyang mga prinsipyo sa buhay?
4. Sino ang mga tao na nagbigay ng impluwensiya sa kanyang buhay?
5. Mga kasabihan at pangaral
6. Resulta ng mga pagpapasya bilang lider o tagasunod
7. Pinakagustong kasabihan sa buhay
8. Mga katangian bilang lider o kasapi ng samahan
9. Mga organisasyong nabuo o sinalihan
10. Mga Karangalang natanggap

RUBRIKS SA PAGWAWASTO NG TEKSTONG NAGLALAHAD

| Pamantayan | Higit na Inaasahan (15) | Nakamit ang Inaasahan (12) | Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (9) | Hindi Nakamit ang Inaasahan (6) |
|---|---|---|---|---|
| Kahalagahan at kasapatan ng impormasyon | Mahalaga at sapat ang impormasyong inilalahad. | May sapat na detalye at may iilang mahalagang impormasyon na naipakita. | May kakulangan sa mahalagang impormasyon. | Hindi naipakita ang mahalagang impormasyon. |
| Organisasyon ng impormasyon | Lohikal at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya. | Naipakita ang ideya ng pahayag bagaman hindi makinis ang pagkakalahad. | Hindi gaanong maayos ang pagkakalahad ng ideya. | Hindi organisado ang pagpapaliwanag. |
| Kabuuan: 30 puntos | | | | |



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. D
3. D
4. C
5. B
6. B
7. C
8. B
9. C
10. B
11. D
12. C
13. C
14. D
15. C

Tayahin

1. A
2. D
3. C
4. A
5. B
6. C
7. D
8. A
9. A
10. C
11. B
12. A
13. C
14. C
15. B

Pagymanin
Gawain 2(A)

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | R | A | N | K | A | R | A | N | S | C | E | G | M | A | N | S | |
| I | B | S | T | A | D | B | S | A | V | M | C | K | L | A | M | | | |
| T | O | R | A | H | A | H | I | W | N | G | A | N | A | G | E | | | |
| A | G | I | K | E | M | A | R | I | N | E | R | A | R | I | B | A | R | |
| M | F | I | H | O | L | S | O | G | I | D | A | G | E | R | G | | | |
| U | H | I | L | A | R | A | K | A | L | E | R | I | D | B | I | S | | |
| M | A | R | R | I | W | A | L | L | I | T | I | K | A | L | A | R | Z | |
| U | F | B | A | E | L | O | V | E | A | W | I | N | G | A | I | N | | |
| U | M | S | E | L | L | I | N | O | K | A | B | O | B | E | N | E | | |
| S | L | I | P | E | O | N | G | S | A | K | I | N | G | O | I | N | | |
| R | P | E | O | R | R | A | R | I | S | A | B | O | B | E | N | G | A | R |

Gawain 4(A)

1. E
2. C
3. D
4. B
5. A

Gawain 4(A)

1. KP
2. KT
3. KP
4. KM
5. KT

Balikan

Gawain 1

Posibleng Sagot.

Lider

1. Pagkakaroon ng awtoridad sa mga tagasunod
2. Pagbibigay ng direksyon
3. Paggawa ng maayos na plano
4. Pagtanaw sa kapakanan ng nasasakupan
5. Tagapangasiwa, tagapamahala at tagapagtaguyod sa layunin ng pangkat

Tagasunod

1. Tagasulong sa o tagapalaganap layunin ng pangkat
2. Tagagawa ng aksyong tugma sa ipinapatupad ng lider
3. Katuwang ng lider sa mga pagpasiya
4. Tagapagbahagi ng ideya
5. Katuwang sa mga gawain ng pangkat

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph